



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-32 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA- 6 NG PEBRERO, 2023 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.

MGA DUMALO:

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ----- Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

MGA KAGAWAD

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio	Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Jose Antonio V. Lava	Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Aron Ronald R. Cruz	Igg. Richie E. San Jose
Igg. Marbin J. Garcia	Igg. Michael M. Ramos (ABC)
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario	Igg. Miguel Leonardo (SK)

LAHAT AY NAKADALO

KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 40 - 2023

KAPASIYAHANG BAYAN NA HUMIHILING SA BULAKAN WATER COMPANY, FILIPINAS WATER HOLDINGS CORP., AT MANILA WATER CO, INC. NA UNTI-UNTIIN ANG GAWING PAGTATAAS SA SINGILIN SA TUBIG

May Akda: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan

SAPAGKAT, ang malinis na tubig ay isa sa mga pangunahing pangangailangan ng pamilyang Pilipino;

SAPAGKAT, nagkaroon ng pagtataas sa singilin sa tubig ang Bulakan Water Company, na isang subsidiya ng Manila Water Co. Inc. at ng Filipinas Water Holdings Corp., at siyang service provider ng Bayang Bulakan;

SAPAGKAT, sa impormasyon na ibinigay ng Bulakan Water Company, ang ipapatupad na pagtataas sa singilin ng tubig simula ng Enero 2023, ay nasa Apatnapu't Tatlong Prosyento (43%) pa lamang at may nakaambang pagtataas pa sa mga susunod na taon;

SAPAGKAT, napag-alaman na ang Bulakan Water Co., ang Filipinas Water Holdings Corp., at Manila Water Co. Inc. ay umutang sa Bank of the Philippine Islands (BPI) ng halagang Php 200 Million at short term loan na Php 150 Million upang patuloy na maiayos and serbisyo ng pagbibigay ng malinis sa tubig sa Bayan ng Bulakan;

SAPAGKAT, kabigla-bigla para sa mamayan ng Bayang Bulakan na magkaroon ng bulk increase sa singilin sa tubig;


SAPAGKAT, ang Bulakan Water Co. ay napapasailalim ng Local Water Utilities Administration (LWUA), at hindi sa Pamahalaang Bayan ng Bulakan, dahil ang Bulakan Water Co. ay isang hiwalay na kompanya at subsidirya ng Manila Water Co. Inc.;

SA MUNGKAHI, ni Igg. Aron Ronald R. Cruz na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;


IPINASIYA, Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Sang-Ayunan Ang Kapasiyahang Bayan Na Humihiling Sa Bulakan Water Company, Filipinas Water Holdings Corp., At Manila Water Co, Inc. Na Unti-Untiin Ang Gawing Pagtataas Sa Singilin Sa Tubig.

PINAGTIBAY.

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.



JOSE CARLO S. PANTALEON
Nanunuparang Kalihim ng Sanggunian
(Temporary)

PAGPAPATUNAY:



ATTY. REINA RICA C. SANCHEZ
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

PINAGTIBAY:


AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO
Kagawad


ARON RONALD R. CRUZ
Kagawad


CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO
Kagawad


JOSE ANTONIO V. LAVA
Kagawad



MARBIN J. GARCIA
Kagawad



BIENVENIDO M. CRUZ JR.
Kagawad

Pahina 3


Kapasiyahang Bayan Blg. 40 - 2023

x-----x


ATTY. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN
Kagawad


RICHE E. SAN JOSE
Kagawad


MICHAEL M. RAMOS
Kagawad (Ex-Officio-SK)


MIGUEL LEONARDO
Kagawad (Ex-Officio-SK)

PINAGTIBAY at NILAGDAAN:


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan
02-28-23